

* MOA sa pagbibigay ng social security coverage sa Job Order at Contract of Service na empleyado nilagdaan ng ECC, SSS
* ECC grants assistance to victims of work-related landslide
* ECC, MEGH 1st rehab tie-up in MIMAROPA
* ECC opens public prayer room, fostering inclusivity and spiritual solace
* ECC, MGTRI ink partnership for Return-to-Work Assistance Program
* Lineman na nakuryente nang dahil sa trabaho sa Oriental Mindoro, nakatanggap pa ng mga benepisyo sa ECC
* Isang kusinero sa GenSan, nakatanggap ng assistive device sa ECC


The
# ECC REPORTER

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE EMPLOYEES' COMPENSATION COMMISSION

For more information, call us at 8-896-7837 or follow and message us on facebook @ecc.official

Vol. IV - No. 4 October-December 2023


## MOA sa pagbibigay ng social security coverage sa Job Order at Contract of Service na empleyado nilagdaan ng ECC, SSS




Nilagdaan ng Employees' Compensation Commission (ECC) at Social Security System (SSS) ang Memorandum of Agreement (MOA) na naglalayong mabigyan ng social security coverage ang lahat ng Job Order (JO) at Contract of Service (COS) personnel ng ECC na hindi sakop sa ilalim ng Government Service Insurance System (GSIS).

Naganap ang nasabing kasunduan noong Setyembre 8, 2023 sa SSS Main Office, Quezon City. Ito ay pinangunahan nina ECC Executive Director Atty. Kaima Via B. Velasquez at SSS President and Chief Executive Officer Rolando L. Macasaet.

Nakapaloob sa nasabing kasunduan na pangangasiwaan ng ECC ang pagbabayad ng kontribusyon ng mga job order at contract of service personnel ng ECC para makakuha at makatanggap ng mga benepisyo sa ilalim ng SSS at EC Program. Sila ay magiging kabilang sa self-employed members ng SSS.

"Layunin ng MOA na ito na masigurong napapangalagaan ang mga karapatan ng mga manggagawa at naitataguyod ang kanilang kapakanan. Ang mga social protection benefits na ipinagkakaloob ng gobyerno ay hindi lamang nakalaan para sa mga permanenteng empleyado, bagkus ito ay dapat na tinatamasa rin ng mga kontraktwal na empleyado," pahayag ni ECC Executive Director Atty. Kaima Via B. Velasquez.

Kasama ni Director Velasquez na pumirma sa nasabing MOA ay sina Executive Vice President Voltaire Agas, Acting Senior Vice President Maria Rita Aguja, ECC's Information and Public Assistance Division Chief Ma. Cecilia Maulion, at Administrative Division Chief Maribel Oliveros.

Sa kabilang banda ay pwede ring ipagpatuloy ng mga kawani ng gobyerno na dating nagtatrabaho sa pribadong sektor ang paghuhulog ng kanilang kontribusyon sa SSS.

Bukod sa ECC, nilagdaan din ng SSS ang MOA/MOU kasama ang mga opisyal at kinatawan mula sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Local Government Units ng Taguig at Malabon, Energy Regulatory Commission, Philippine Public Safety College at MDC ConQrete.

Ang MOA signing ay naging tampok na paksa sa ika-66 anibersaryo ng SSS.

xxx

J. Cañedo – C.O.

## ECC grants assistance to victims of work-related landslide

The Employees' Compensation Commission (ECC) recently granted cash assistance to the two survivors and bereaved families of the two workers who died in a landslide incident in Barangay Kaybagal Central, Tagaytay.

The said incident left six construction workers dead and two others wounded after a concrete wall had collapsed on the victims' barracks at night in Tagaytay on July 11, 2022.

Following the incident, ECC, thru its Regional Extension Unit 4A, immediately reached out to the victims to inform them of the benefits under the EC Program and to facilitate the processing of their benefits.

Each of the survivors received P10,000.00 while the dependents of the deceased workers received P15,000.

The families of the four other



Continuation on page 2

**ECC grant assistance...**

victims will also receive the same benefit from the ECC.

The EC Program provides benefits to workers or their beneficiaries in event of work-related sickness, injuries or death.

XXX

J. Romasanta – REU 4A



# ECC, MEGH 1st rehab tie-up in MIMAROPA

The Employees' Compensation Commission (ECC), an attached agency of the Department of Labor and Employment (DOLE), recently established a partnership with Maria Estrella General Hospital (MEGH), by signing a Memorandum of Agreement (MOA) to provide free physical and occupational therapy to workers who suffered from disabilities due to work-related contingencies, otherwise known as persons with work-related disability (PWRD).

MEGH is the first partner hospital of ECC in Mindoro to attend to the rehabilitation needs of PWRDS residing in Region 4B.

Officials of MEGH headed by Medical Director Melinda Corazon N. Goco, as well as Chief of Clinics, Rehabilitation Physiatrist Ma. Rhoda C. Goco and Accounting Department Head Augusto M. Saguid signed the agreement. ECC, on the other hand, was represented by Information Officer Ruth Calinao.

ECC's KaGabay Program can only be availed by qualified workers with approved EC disability benefits from administering agencies, the SSS for the private sector and the GSIS for the public sector.

XXX

R. Calinao – 4B

# ECC opens public prayer room, fostering inclusivity and spiritual solace




In a momentous occasion on October 20, 2023, the Employees' Compensation Commission thru its Gender and Development Committee marked the inauguration of its prayer room, which has been made accessible to the general public seeking a tranquil sanctuary for their religious practices.

The event was graced by esteemed individuals, including Deputy Executive Director Atty. Jehan-Jehan Lepail, Commissioner Dalisay Macadawan representing the National Commission on Muslim Filipinos, and Commissioner Amielyn

Asliyah" Limbona from the Philippine Commission on Women.

ECC Executive Director Atty. Kaima Via Velasquez explained the significance of this endeavor, stating, "We recognize the pressing needs of our clients, particularly our Muslim brothers and sisters, who often encounter challenges when seeking spaces to observe their religious customs. It is our belief that this prayer room, nestled within the bustling heart of one of the country's busiest cities, will serve as a vital resource."

The ECC prayer room is accessible to the public from 5AM until 7PM during weekdays. Additionally, ECC encourages visitors to uphold the principles of mutual respect for one another's faith and privacy and to bring their own religious items when using the facility.

This initiative is a testament to ECC's commitment to fostering inclusivity and providing a haven for diverse faiths.

XXX

A. Garcia – C.O.

# ECC, MGTRI ink partnership for Return-to-Work Assistance Program






The Employees' Compensation Commission Regional Extension Unit 12 recently signed an agreement with Mommy Gina Tuna Resources Inc. (MGTRI) to help assist persons with work-related disabilities (PWRDs) in General Santos and other neighboring provinces.

The Memorandum of Agreement (MOA) was the first-ever partnership forged by ECC-REU 12 with a private company in the implementation of its RTWAP. The MGTRI is a large-scale fishing company that also manufactures tuna products in General Santos City. They are also a major supplier of tuna goods to Japan and the US.

In accordance with the partnership, MGTRI shall assist with the re-employment or immersion of the qualified ECC client and determine their possible job placement in the company. The ECC, on the other hand, shall identify prospective PWRDs in the company who are eligible for rehabilitation services, livelihood, and skills training.

"Through this Return-to-Work program of ECC, we continue to uphold the PWRDs' welfare by giving them opportunities for re-employment or new job placement," ECC OIC-Executive Director Jose Maria S. Batino said.

Director Batino also added that ECC will carry on fostering healthy relationship with different institutions in order to efficiently and effectively provide timely services to PWRDs.

The ECC's Return-to-Work Assistance Program is an interdisciplinary approach to rehabilitation, services, and support that goes beyond traditional medical treatment for the worker who suffered from work-related contingency. This comprises the provision of medical and surgical treatment, rehabilitation, job and workplace modification, job placement, and vocational retraining.

XXX

K. Daga – REU 12

## Lineman na nakuryente nang dahil sa trabaho sa Oriental Mindoro, nakabalik sa trabaho, nakatanggap pa ng mga benepisyo sa ECC





"Lubos ang aking pasasalamat sa ECC na bagamat nakabalik ako sa trabaho ay tuloy-tuloy pa rin ang mga benepisyo at serbisyo na ipinagkakaloob nila sa akin. Sa ngayon ay nag-aundergo ako ng physical therapy at nakalinya na ring bigyan ng puhunan para sa aking sari-sari store," saad ni Wilbert Mungag.

Isang lineman si Wilbert Mungag sa Oriental Mindoro Electric Cooperative, Inc. (ORMECO), electric utility company sa Pinamalayan, Oriental Mindoro. Taong 2022, habang pinapalitan nila Mungag ang sirang poste ay aksidente niyang nahawakan ang sirang kable dahilan para siya ay makuryente.

Dahil sa nangyari, agad sinugod sa pinakamalapit na hospital si Mungag. Habang siya ay nagpapagaling, pinayuhan si Mungag ng kanilang HR na mag-file ng EC benefit sa Social Security System (SSS). Bukod dito ay tinulungan din siya ng kanilang kumpanya na maproseso at maasikaso ang mga dokumentong kailangan sa pagfile ng EC claim.

Naaprubahan ang kanyang EC sickness benefit sa halagang P57,600 at hindi kalaunan ay nakabalik din siya sa trabaho. Bukod dito ay nakakuha din siya ng EC Permanent Partial Disability benefit (EC-PPD) na nagkakahalagang P85,426.13. Pinagkalooban din siya ng nagkakahalagang P10,000 EC cash assistance at prosthetic arm sa halagang P79,000.

Sa kasalukuyan ay sumasailalim si Mungag sa libreng

Continuation on page 4

# Isang kusinero sa GenSan, nakatanggap ng assistive device sa ECC






"Ang sarap sa pakiramdam na may ECC na tumutulong sayo sa panahon ng problema katulad nito. Hindi ko ine-expect na ganito ka laki ang tulong nila sa mga trabahador na na-disgrasya tulad ko. Maraming salamat sa lahat ng tulong," sabi ni Renel V. Camolista na nakatanggap ng lumbar support galing sa Employees' Compensation Commission (ECC) sa ilalim ng programa ng Katulong at Gabay sa Manggagawang may Kapansanan (KaGabay).

Si Camolista ay 35 taong gulang na nagtatrabaho bilang isang chef sa isang hotel sa General Santos City. Noong alas-4 ng hapon ng Oktubre 2022, habang siya ay naghahanda ng pagkain para sa isang kaganapan, nakaranas siya ng pamamanhid at matinding pananakit sa kanyang likuran matapos na magbuhat ng isang malaking kaldero na may bigat na humigit-kumulang 30-40 kilos. Kinalaunan nagresulta ito sa pagkaroon niya ng pananakit sa ilalim na bahagi ng kanyang likuran o lumbar spinal stenosis.

Bukod sa monetary benefits na natanggap niya na EC sickness sa Social Security System (SSS) na nagkakahalaga ng P5,610.00 at EC cash assistance na P10,000.00, sumasailalim din si Camolista sa libreng konsultasyon at physical therapy (PT) sessions sa St. Elizabeth Hospital Inc., accredited hospital ng ECC sa pagbibigay ng physical o occupational therapy. Sa kasalukuyan, ay nakatanggap na siya ng dalawang konsultasyon at siyam na PT sessions.

Binigyan din siya ng ECC ng libreng lumbar support na nagkakahalaga ng P2,170.00 na magagamit niya para sa kanyang tuluyang paggaling.

"Katuwang ng bawat manggagawang Pilipino ang ECC sa panahon na sila ay magkaroon ng sakit o kaya'y aksidente sa kanilang lugar ng paggawa," saad ni OIC-Executive Director Jose Maria S. Batino. "At dahil sa pagbibigay ng mga assistive devices at prostheses natutulungan ng ECC ang ating mga persons with work-related disability (PWRDs) upang maibalik ang kanilang dating pangangatawan, hindi lamang sa pisikal na aspeto kundi maging aktibong myembro n gating ekonomiya."

Layunin ng programang KaGabay na matulungan ang mga PWRDs na makabalik muli sa trabaho o makapagnegosyo sa pangunahing ekonomiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng session para sa pisikal na terapiya at mga kasangkapan gaya ng mga prosthesis at iba pa. XXX

K. Daga – REU 12

## Lineman na nakuryente....

physical at occupational therapy sessions sa Maria Estrella General Hospital. Sa kabilang banda naman ay natapos niya ang virtual livelihood seminar na inorganisa ng ECC sa pakikipagtulungan na rin ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) noong Mayo 11, 2023.

Pagkatapos ma-assess ang kanyang business plan proposal ay gagawaran na si Mungag ng EC livelihood starter kit sa ilalim ng ECC's Katulong at Gabay sa Manggagawang may Kapansanan (KaGabay) Program. Kapag napalago niya ang pangkabuhayang binigay ng ECC ay maaari na rin siyang makatanggap ng EC complementary kit. Ang complementary kit na ito ay binibigay bilang pagkilala sa determinasyon at pagsisikap ng mga PWRDs na mapalago ang kanilang negosyo.

"Sa ilalim ng EC Program, ang mga manggagawa na nagkasakit o naaksidente nang dahil sa trabaho ay makakatanggap ng EC benefit. Maaari silang makakuha ng EC sickness o disability benefit, EC medical reimbursement kung may gastusing medikal, EC cash assistance, rehabilitation services, EC livelihood starter kit at complementary kit," saad ni ECC OIC-Executive Director Jose Maria S. Batino.

"Bukod sa KaGabay Program ay may panibagong programa ang ECC na tinatawag na Return to Work Assistance Program (RTWAP). Layunin ng programang ito na matulungang makabalik o maibalik sa trabaho ang mga Persons with Work-Related Disabilities (PWRDs). Isang malaking bagay ito sa kanila upang makabangon muli at maging isang produktibong manggagawang Filipino," dagdag pa ni ECC OIC-ED Batino.

XXX

Ruth B. Calinao